MGA RELIHIYON SA MUNDO AT MGA KULTO

MGA TANONG SA PAGBABALIK-ARAL SUSI SA MGA SAGOT

Dr. Stephen Gibson

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

LEKSIYON 3
Mormonismo

(1) Ano ang iniisip ng mga Mormon tungkol sa ibang mga iglesya?

Naniniwala ang mga Mormon na walang ibang iglesya ang tunay na Kristiyano.

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Mormon tungkol sa kasaysayan ng Kristiyanismo?

Naniniwala ang mga Mormon na hindi umiral ang tunay na Kristiyanismo pagkatapos ng mga apostol hanggang sa ang kanilang iglesya ay magsimula.

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Mormon tungkol kay Hesus?

Naniniwala ang mga Mormon na si Hesus ay isang espiritu sa langit katulad ng iba hanggang sa siya ay isilang sa mundo.

(4) Ano ang layunin ng isang Mormon?

Na maging isang dios ng ibang planeta katulad ng Dios sa mundo.

(5) Ano ang pinakamataas na awtoridad para sa Mormon?

Ang pinakamataas na awtoridad para sa Mormon ay ang rebelasyon ni Joseph Smith.

Leksiyon 4
Jehovah's Witnesses/Saksi ni Jehovah

(1) Ano ang iniisip ng Saksi ni Jehovah tungkol sa ibang mga iglesya?

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehovah na ang lahat ng ibang mga iglesya ay mali at tanging ang mga Saksi ni Jehovah lamang ang maliligtas.

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehovah tungkol sa Banal na Espiritu?

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehovah na ang Banal na Espiritu ay isang lakas na hindi persona na nagmumula sa Dios.

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehovah tungkol kay Hesus?

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehovah na si Hesus ang unang nilikha ng Dios at dumating siya sa mundo bilang isang perpektong tao, ngunit hindi siya Dios.

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehovah tungkol sa kaligtasan?

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehovah na ang kaligtasan ay matatamo sa isang proseso ng paniniwala at paggawa ng mga tamang bagay.

Leksiyon 5
Iglesia ni Cristo

(1) Ano ang isinalin na pangalan ng Iglesia ni Cristo?

Ang pangalang *Iglesia ni Cristo* ay isinalin na "Church of Christ."

(2) Anong malaking kulto ang katulad ng Iglesia ni Cristo sa kanilang doktrina?

Ang Iglesia ni Cristo ay may doktrinang malaki ang pagkakatulad sa Saksi ni Jehovah.

(3) Ano ang batayan ng awtoridad para sa Iglesia ni Cristo?

Ang pangunahing awtoridad para sa Iglesia ni Cristo ay ang paniniwala na si Felix Manalo ay ihinula upang ipanumbalik ang tunay na Kristiyanismo.

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng Iglesia ni Cristo tungkol kay Hesus?

Naniniwala ang Iglesia ni Cristo na si Hesus ay isang espesyal na tao ngunit hindi siya Dios.

(5) Ano ang pinaniniwalaan ng Iglesia ni Cristo tungkol sa kaligtasan?

Naniniwala ang Iglesia ni Cristo na ang kaligtasan ay para lamang sa mga miyembro ng kanilang iglesya at maaaring makamit sa pamamagitan ng isang buhay ng pagsunod.

Leksiyon 6
Eastern Lightning

(1) Ano ang opisyal na pangalan ng kulto na tinatawag na Eastern Lightning?

Ang Eastern Lightning ay tinatawag na "Iglesya ng Makapangyarihang Dios."

(2) Ano ang pinakamahalagang doktrina ng Eastern Lightning?

Ang pinakamahalagang doktrina ng Eastern Lightning ay nagsasabi na ang Dios ay muling dumating sa mundo sa anyo ng isang babaeng Cristo, at ginawa nitong walang halaga ang mga naunang rebelasyon.

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng Eastern Lightning tungkol kay Hesus?

Naniniwala ang Eastern Lightning na si Hesus ay hindi na mahalaga para sa iglesya.

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng Eastern Lightning tungkol sa kaligtasan?

Naniniwala ang Eastern Lightning na ang isang tao ay hindi maliligtas malibang iwan niya ang kanyang pananampalataya kay Hesus at susundin ang kanilang iglesya at ang babaeng Cristo.

Leksiyon 7
Teolohiya ng Kasaganahan

(1) Ano ang pinakamadalas na sinasabi ng mga tagapangaral ng teolohiya ng kasaganahan?

Ang pinakamadalas na sinasabi ng mga tagapangaral ng teolohiya ng kasaganahan ay tungkol sa kung ano ang makukuha ng isang tao sa pamamagitan ng pananampalataya.

(2) Ano ang pananampalataya, ayon sa teolohiya ng kasaganahan?

Ayon sa teolohiya ng kasaganahan, ang pananampalataya ay isang kapangyarihang ginagamit ng Dios, at maaari ring magamit ng tao sa parehong paraan.

(3) Ano ang katulad ng Dios, ayon sa teolohiya ng kasaganahan?

Ayon sa teolohiya ng kasaganahan, ang Dios ay isang pisikal na tao na katulad natin, at ginagawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pananampalataya.

(4) Ano ang tao, ayon sa teolohiya ng kasaganahan?

Ayon sa teolohiya ng kasaganahan, ang tao ay isang kopya ng Dios at magagawa niya kung ano ang ginagawa ng Dios, at sa darating na panahon ay magiging isang dios na katulad niya.

(5) Paano ipinapaliwanag ng teolohiya ng kasaganahan ang kahirapan at karamdaman sa buhay ng isang Kristiyano?

Ayon sa teolohiya ng kasaganahan, ang isang Kristiyano ay maaaring maging laging mayaman at malusog kung mayroon siyang pananampalataya.

Leksiyon 8
Apocalyptic Cults

(1) Anong pangangailangan ang sinisikap tugunan ng apocalyptic cults?

Sinisikap ipaliwanag ng apocalyptic cults ang kalagayan ng mundo at kung ano ang gagawin ng Dios.

(2) Paano ginagamit nang mali ng apocalyptic cults ang Biblia?

Maling ginagamit ng Apocalyptic cults ang Biblia sa pagdaragdag ng kahulugan dito gamit ang bagong rebelasyon sa halip na bigyang kahulugan kung ano talaga ang sinasabi nito.

(3) Ano ang dakilang tema ng apocalyptic na kasulatan mula sa Biblia?

Ang dakilang tema ng propetikong kasulatan ay ang Dios ang siyang kumukontrol at sa tamang panahon ay magtatatag ng kaniyang kaharian at magbibigay gantimpala sa mga matuwid.

(4) Paano nakasasama ang apocalyptic cults?

Kinukuha ng mga apocalyptic cults ang mga tao mula sa mga iglesya, nakikilahok sa mga gawaing hindi Kristiyano, binibigo ang pananampalataya ng kanilang mga tagasunod, at nagiging dahilan upang magduda ang mga tao sa Kasulatan.

Leksiyon 9
Hinduismo

(1) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Hindu sa halip na ang Dios?

Naniniwala ang mga Hindu na ang lahat ng bagay ay bahagi ng isang reyalidad na hindi persona na tinatawag na Brahman, at ang Brahman ang kaluluwa ng lahat ng bagay na nabubuhay.

(2) Anong uri ng mga dios ang nasa Hinduismo?

Ang mga dios ng Hinduismo ay maraming espiritu at mga ninuno na may limitasyon at makagagawa ng kapwa mabuti at masama.

(3) Ano ang ultimong layunin ng isang Hindu?

Nais ng isang Hindu na maabot ang Nirvana, ang makaalis sa paulit-ulit na ikot ng muling pagkabuhay upang makarating sa pagiging Brahman.

(4) Ano ang pananaw ng Hindu tungkol kay Hesus?

Naniniwala ang mga Hindu na si Hesus ay isang tao na nagsagawa ng mga prinsipyo ng Hinduismo at siya ay isang dakilang tagapagturo, ngunit hindi ang natatanging Anak ng Dios.

Leksiyon 10
Buddhismo

(1) Ano ang pangwakas na layunin ng isang Buddhist?

Ang ultimong layunin ng isang Buddhist ay ang makapasok sa Nirvana, na nangangahulugan ng pagkawala ng sariling indibidwalidad at mapahalo na sa pagiging iisa ng sanlibutan.

(2) Ano ang konsepto tungkol sa Dios para sa isang Buddhist?

Hindi naniniwala ang Buddhist sa Dios, at ang mga dios ay hindi mahalaga sa relihiyong Buddhist.

(3) Paano ipinapaliwanag ng Buddhist ang paghihirap sa buhay?

Ayon sa Buddhismo, ang lahat ng paghihirap ay nagmumula sa mga pagnanasa, at makaiiwas ang isang tao sa paghihirap sa pamamagitan ng paghihiwalay sa kanyang sarili mula sa lahat ng uri ng pagnanasa.

(4) Ano ang sinisikap na matupad ng isang Buddhist sa kanyang buhay?

Nagsasagawa ang Buddhist ng mga gawain at espirituwal na mga pag-eehersisyo upang tulungan siyang humiwalay sa lahat ng intindihin at maging malaya sa pag-aalala.

Leksiyon 11

Taoismo

(1) Para kanino nagdarasal ang mga Taoist?

Nagdarasal ang mga Taoist sa iba't-ibang klase ng mga dios-diosan, mga espiritu at mga ninuno.

(2) Sino-sino ang mga makapangyarihang dios ng Taoismo?

Naniniwala ang mga Taoist kay Yu-huang, na namumuno sa ibang mga dios; at sila ay naniniwala kay Yuan-shih T'ien-tsun, na nagtataglay ng lubusang mga katangian ng Dios ngunit hindi nakikialam sa mundo.

(3) Ano ang layunin ng isang Taoist?

Nais ng Taoist na mamuhay nang may pag-ayon sa mundo, malaya sa di pagkakaunawaan at paghihirap.

(4) Ayon sa Taoismo, sino si Hesus?

Ayon sa Taoismo, si Hesus ay isang tao na nauuna sa pagkahubog sa espirituwal at nagpakita sa iba ng paraan kung paano magiging dios.

Leksiyon 12
Islam

(1) Banggitin ang dios, ang propeta, at ang banal na aklat ng Islam.

Ang Islam ay ang pagsamba kay Allah, sumusunod kay propeta Mohammad at sa Koran.

(2) Ano ang pinaniniwalan ng mga Muslim tungkol kay Hesus?

Naniniwala ang mga Muslims na si Hesus ay isang propeta ngunit hindi siya Dios at hindi siya ang Tagapagligtas.

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim patungkol sa Biblia?

Naniniwala ang mga Muslim na ang Biblia ay nagmula sa Dios ngunit ito ay may mas mababang awtoridad kaysa sa Koran.

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Muslim tungkol sa kaligtasan?

Naniniwala ang mga Muslim na ang kaligtasan ay nakakamit sa pamamagitan ng pagtupad sa mga hinihingi ng Islam.

Leksiyon 13
Judaismo

(1) Anong Kasulatan ang kapwa taglay ng Judaismo at Kristiyanismo?

Ang Judaismo at Kristiyanismo ay kapwa naniniwala sa Kasulatan ng Lumang Tipan.

(2) Ayon sa Judaismo, sino si Hesus?

Ayon sa Judaismo, si Hesus ay isang kontrobersyal na tagapagturo, ngunit hindi siya ang Mesiyas at hindi Dios.

(3) Anong klaseng Mesiyas ang inaasahan ng Judaismo?

Inaasahan ng Judaismo na ang Mesiyas ay hindi magiging Dios, kundi isang lalaking espesyal na piniling magdadala ng kapayapaan sa buong mundo.

(4) Ano ang konsepto ng kaligtasan sa Judaismo?

Sa Judaismo, ang kaligtasan ay ang pagpapalaya mula sa pang-aapi upang ang grupo ay makapamuhay sa isang pinagpalang kasunduang relasyon sa Dios.

Leksiyon 14
New Age Religion

(1) Ano ang pananaw ng New Age sa ibang mga relihiyon?

Pinahihintulutan ng New Age ang alinmang grupong panrelihiyon maliban sa mga nag-aangkin na nasa kanila ang katotohanan na dapat paniwalaan ng lahat.

(2) Ano ang konsepto ng Dios ayon sa New Age?

Ang konsepto ng Dios ayon sa New Age ay pantheistic, at hindi sila naniniwala sa isang pinakamakapangyarihang Dios na siyang Manlilikha.

(3) Paano nakikipag-ugnayan ang New Age sa supernatural?

Nakikipag-ugnayan ang New Age sa mga espiritu at gumagamit ng lahat ng anyo ng mahika.

(4) Ano ang paniniwala ng New Age tungkol kay Hesus?

Naniniwala ang New Age na si Hesus ay isang taong nakakaalam kung paano gamitin ang mga espesyal na kapangyarihan at sinikap niyang turuan ding gumamit nito ang iba.

(5) Ano ang pinaniniwalaan ng New Age tungkol sa kasalanan at kaligtasan?

Hindi naniniwala ang New Age na totoo ang kasalanan at naniniwala na ng solusyon sa mga suliranin ng tao ay ang pagpapaunlad ng espirituwal na kamalayan at espirituwal na mga kapangyarihan.

Leksyon 15
Animismo

(1) Bakit ang animismo ay hindi lamang isang partikular na relihiyon?

Ang Animismo ay isang klase ng relihiyon na sinusundan ng mga taong maaaring tawagin ang kanilang sarili sa pangalan ng iba't-ibang relihiyon.

(2) Paano nakikipag-ugnayan ang mga animist sa supernatural?

Nakikipag-ugnayan ang mga animist sa mundo ng mga espiritu sa pamamagitan ng mga ritwal at mga espesyal na kagamitan.

(3) Bakit hindi nananalangin sa Dios ang mga animist?

Hindi nananalangin sa Dios ang mga animist dahil naniniwala sila na ang Dios ay malayo at walang pakialam sa kanilang mga buhay.

(4) Ano ang pamahiin?

Ang pamahiin ay ang ideya na ang isang tao ay dapat sumunod sa mga tiyak na gawain dahil sa mga bagay, aksiyon o mga lugar na may espirituwal na kapangyayrihan.

(5) Bakit ang isang Kristiyano ay hindi nakatali sa pamahiin?

Ang isang Kristiyano ay hindi nakagapos sa mga pamahiin dahil nagtitiwala siya sa pinakamakapangyarihang kapangyarihan ng Dios.

Leksiyon 16
Voodoo

(1) Kanino sumasamba ang mga tagasunod ng Voodoo?

Sumasamba sa mga espiritu at kay Satanas ang mga nagsasagawa ng Voodoo.

(2) Ano ang layunin ng isang sumsamba sa panahon ng isang gawaing pagsamba ng Voodoo?

Sinisikap ng isang sumasamba sa Voodoo na siya ay malukuban ng isang espiritu.

(3) Anong Kristiyanong iglesya ang madalas na nahahaluan ng Voodoo?

Ang mga imahen at ritwal ng Katolikong Romano ay madalas na ginagamit sa Voodoo.

(4) Ano ang ilang halimbawa ng mga bagay na ginagamit sa seremonyang Voodoo?

Gumagamit ang Voodoo ng mga sakripisyong hayop, mga kandila, imahen ng mga santo, nakaguhit na mga diagrams, mga dasal, mga awit, puting kasuotan, pagkain at iba pang mga bagay.

Leksiyon 17
Pag-unawa sa Sabadista

(1) Ano ang pangunahing doktrina na nagbubukod sa mga Sabadista mula sa ibang iglesya?

Pinakanagbubukod sa mga Sabadista mula sa ibang iglesya ay ang kanilang pagsasagawa ng Sabadong Sabbath.

(2) Ano ang pananaw ng Sabadista tungkol sa Dios?

Naniniwala ang mga Sabadista sa Trinidad at sa pagiging Dios ni Kristo at sa Banal na Espiritu.

(3) Ano ang pananaw ng Sabadista sa kaligtasan?

Naniniwala ang mga Sabadista sa kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang isang mananampalataya ay dapat mamuhay ng buhay na may pagsunod pagkatapos na magbalik-loob.

(4) Ano ang pananaw ng Sabadists sa walang hanggang patutunguhan ng tao?

Naniniwala ang mga Sabadista na walang walang-hanggang impiyerno; at ang mga taong walang kaligtasan ay mawawasak, at ang tao ay hindi imortal hanggang muling buhayin para sa langit.

Leksiyon 18
Pag-unawa sa Katolikong Romano

(1) Ano ang inaangkin ng mga Katolikong Romano ayon sa kanilang pangalan?

Inaangkin ng Katolikong Romano na sila ang kumpleto, pandaigdigang iglesya.

(2) Ano ang ilang dahilan na ang mga Katolikong Romano ay inaakusahan ng pagsamba sa dios-diosan?

Ang mga Katolikong Romano ay inaakusahan ng pagsamba sa dios-diosan dahil sila ay nagdarasal sa mga imahen ng mga santo at kay Maria.

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng Katolikong Romano tungkol sa Dios?

Naniniwala ang mga Katolikong Romano sa Trinidad at sa pagiging Dios ni Kristo at sa Banal na Espiritu.

(4) Ano ang pananaw ng Katolikong Romano tungkol sa kaligtasan?

Naniniwala ang mga Katolikong Romano na ang kaligtasan ay nakadepende hindi lamang sa pagbabayad-sala ni Kristo kundi pati na rin sa pagiging bahagi ng iglesya Katolika, pagtanggap ng komunyon, at pagtanggap ng mga merito sa pamamagitan ng mga gawa.

(5) Ano ang doktrina ng Katolikong Romano ng purgatoryo?

Ang doktrina ng purgatoryo ng Katolikong Romano ay nagsasabi na pagkatapos mamatay, ang tao ay dapat parusahan at dalisayin sa mga kasalanan bago pumasok sa langit.

Leksiyon 19
Pag-unawa sa Eastern Orthodoxy

(1) Ano ang ipinapakita at inaangkin ayon sa pangalan ng Eastern Orthodoxy?

Ang pangalang *Orthodoxy* ay nangangahulugan ng *tamang pagsamba*, at nagpapakita na inaangkin nila na sila ang iglesyang sumasamba sa Dios sa tamang pamamaraan.

(2) Ano ang pananaw ng Eastern Orthodox sa Dios?

Naniniwala ang Eastern Orthodoxy sa Trinidad, at sa pagiging Dios ni Kristo at sa Banal na Espiritu.

(3) Bakit naniniwala ang Eastern Orthodoxy tungkol sa mga santo?

Naniniwala ang Eastern Orthodoxy na ang mga santo sa nakalipas na panahon ay makakatulong sa mga tao bilang tugon sa panalangin, kung kaya't sila ay nagdarasal sa mga santo.

(4) Ano ang doktrina ng *theosis* ayon sa Eastern Orthodoxy?

Ang doktrina ng *theosis* ay nagsasabi na ang Banal na Espiritu ay unti-unting binabago ang mananampalataya upang makarating siya sa banal na pagiging perpekto ng Dios, sa isang proseso na hindi matutupad hanggang pagkatapos ng kamatayan.

(5) Ano ang pinaniniwalaan ng Eastern Orthodoxy tungkol sa Biblia?

Itinuturo ng Eastern Orthodoxy na ang Biblia ang autoridad para sa kanilang doktrina, ngunit ang Biblia ay dapat bigyang kahulugan ng iglesya.

Leksiyon 20
Pag-unawa sa United Pentecostalism

(1) Ano ang pananaw ng United Pentecostal sa Dios?

Hindi naniniwala ang United Pentecostal sa Trinidad, ngunit naniniwala sila na ang Dios Ama at si Hesus ay ang parehong persona at ang Banal na Espiritu ay ang Dios na kumikilos.

(2) Ano ang mga kinakailangang tanda ng kaligtasan, ayon sa pinaniniwalaan ng United Pentecostals?

Naniniwala ang United Pentecostal na ang isang tao ay hindi ligtas malibang ito ay mabautismuhan sa tubig sa pangalan ni Hesus at nakapagsasalita ng ibang wika.

(3) Ano ang pinaniniwalaan ng United Pentecostal tungkol sa pamumuhay Kristiyano?

Naniniwala ang United Pentecostal na ang Kristiyasno ay mamumuhay ng matagumpay laban sa kasalanan at mahihiwalay mula sa mga paraan ng sanlibutan.

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng United Pentecostal tungkol sa Biblia?

Naniniwala ang United Pentecostal na ang Biblia ang huling awtoridad at ang iglesya ay dapat sumunod sa halimbawa ng iglesya sa Aklat ng mga Gawa.